ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGAMIT NG B-KARD SA KAWILIHAN SA PAGKATUTO, PAG-UNAWA SA BAYBAYIN AT PAGBABAYBAY AT PAGSASALINNG MGA MAG-AARAL

**Marimar Musni Zaide**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay may titulong B-kard: Interaktibong Laro sa Kawilihan sa Pagkatuto Pag-unawa sa Baybayin sa Pagganap ng mga Mag-aaral. Nilalayon ng pag-aaral na ito na sagutin ang sumusunod na mga suliranin. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Kagamitan sa paglalaro; Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks; Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pag-uugali sa pagkatuto; Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pamamahala sa pagkatuto; Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pakikilahok; Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbuo ng Salita; Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng baybayin; Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbasa. May makabuluhang epekto ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral at May makabuluhang epekto ng Pag-unawa sa Baybayin sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Ang deskriptibong pag-aaral na ito ay gumamit ng isandaan at limampu (150) na mag-aaral mula sa ika-2 ng kolehiyo ng pang-edukasyon ng Laguna University. Purposive Sampling ang ginamit sa pag-aaral na ito upang makuha ang sapat na sampol ng populasyon.*

*Lumabas sa pag-aaral ang antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kagamitan sa paglalaro lumabas na nakakatulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Sa resulta ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mekaniks lumabas na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Gayundin sa resulta ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pag-uugali sa pagkatuto ay lumabas na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Lumabas naman sa resulta ang pangkalahatang pagtatasa sa pagkatuto ng B-kard sa Kawilihan sa mga mag-aaral batay sa pagbasa at pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na Mahusay at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya. Nagpapakita lamang ito na mataas ang nakuhang marka ng mga mag-aaral nang ginamit ang b-kard at ang huli batay sa datos na nakalap. May makabuluhang epekto ang b-kard bilang kagamitan sa pagpapaunlad at pagkatuto ng Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral lumabas na may makabuluhang epekto sa pagitan nila.*

*Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ang kongklusyon na ito ay nabuo; Ang haypotesis na ang kabanata 1 na "Walang makabuluhang epekto ang Interaktibong Laro sa Kawilihan bilang sa Pagkatuto at Pag-unawa sa Baybayin sa Pagganap ng mga mag-aaral." Ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na may "makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Ayon sa resulta na ang Interaktibong Laro ay nakatutulong sa Pagpapaunlad at Pagkatuto ng Filipino.*

*Gayundi ang haypotesis na "Walang Makabuluhang Kauagnayan ang Antas ng Pangkalahatang Pagsusulit sa Pagganap ng mga Mag-aaral" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan ang antas ng pangkalahatang pagsusulit sa pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa resulta nakatutulong ang pangkalahatang pagsusulit sa pagkatuto at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral.*

*Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang rekomendasyon para sa mga susunod na mananaliksik ay hinihimok na susugan ang isinasagawang pag-aaral upang mas mapaunlad ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang komunikatibo. Ang ginawang kagamitan sa pagtuturo ay maaring maging gabay at gawing interaktibo sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA:** B-*kard; Interaktibong Laro; Kawilihan sa Pagkatuto*

## 1. PANIMULA

Sa pamamagitan ang pagsusuri ng mga konkreto at epektibong estratehiya, na may na makakalap ng datos na maglalarawan kung paano nakakatulong ang mga ito sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral. Sa kahulugan, Ito ay isang pagsusuri sa pagsasanib ng teorya at praktika ng pagtuturo upang maitaas ang antas ng edukasyon sa lipunan.

Ngayon ang kawalang-interes sa paaralan ay isang seryosong problema na bahagi ng edukasyon ngayon. Ay tungkol sa mag-aaral na nagpapakita ng mahusay na hindi interesado sa lahat ng bagay na nauugnay sa pag-aaral. Ang kawalang-interes sa

paaralan ay maaaring lumitaw sa iba't ibang paraan: mula sa mga bata na abala sa klase at makagagambala sa kanilang mga kamag-aral, kahit na sa pamamagitan ng "kawalan ng kaisipan", Na nangangahulugang pisikal na naroroon ang bata kahit na ang kanyang isip ay gumagala sa ibang mga lugar o saloobin. Maaari ring lumitaw ang kawalang-interes sa paaralan pagdating sa mga bata na nakatuon sa kanilang sariling mga alalahanin at problema, na humantong sa kanila na palayo sa kung ano ang nangyayari sa mga silid-aralan (Almiron, 2019)

Malaki ang ambag ng mabisang estratehiya sa larangan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at nasa kamay ng kaguruan ang mga paraan at hakbang upang ito ay maisakatuparan. Tungkulin ng guro na magampanan ang kanilang gawain sa pamamagitan ng paglikha ng mabisang estilo ng pagtuturo, tulad na lamang ng paggamit ng laro sa loob ng klase. Kaugnay nito, marami na rin ang umuusbong na mga nakagaganyak na iba't ibang laro bilang estratehiya dahil napatunayang mas nagiging aktibo ang bata sa pakikilahok sa klase kapag may mga laro. (Hartt et al. 2020)

Paliwanag nga ni Panganiban (2019) ilan sa mga suliranin ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o istratehiyang pampagtuturo, kakulangan sa mga makabagong kagamitang pampagtuturo, ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, ang mahinang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikinig at iba pa. Ilan lamang ito sa mga nagiging suliranin ng guro pagdating sa pagtuturo ng Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masusing suriin ang epekto ng paggamit makabagong estratehiya na B-Kard sa pagkatuto sa pag-usbong ng interes ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kahalagahan ng mga estratehiya sa pagtuturo, nais nating maunawaan kung paano ito nakakatulong sa pagbuo at pagpapalawak ng interes ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan ng edukasyon higit sa pagtuturo ng baybayin sa mga mag-aaral.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano antas ng Interaktibong B-kard sa kawilihan sa pagkatuto sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa:
   - 1.1 Kagamitan sa paglalaro;
   - 1.2 Mekaniks;
   - 1.3 Pag-uugali sa pagkatuto;
   - 1.4 Pamamahala sa pagkatuto; at
   - 1.5 Pakikilahok
2. Ano ang antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa
   - 2.1 Pagbuo ng Salita;
   - 2.2 Pagsulat ng baybayin; at
   - 2.3 Pagbasa?
3. Ano ang pagganap sa pagkatuto ng B-Kard sa mga mag-aaral batay sa pagbabaybay at pagsasalin?
4. May makabuluhang epekto ba ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto sa baybayin ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang Pag-unawa sa Baybayin sa pagganap ng mga mag-aaral?
6. Anong planong gawain ang imumungkahi batay sa kinalabasan ng pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyong gagamitin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay deskriptibong paraan. Ang palarawang pananaliksik ay mga kaganapan sa pag-aaral ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan.

Ayon sa harappa (2017), Ang deskriptibong pananaliksik ay tumutukoy sa mga tanong, disenyo ng pag-aaral at pagsusuri ng mga datos na isinagawa sa isang partikular na paksa. Ito ay isang mahigpit na obserbasyonal na pamamaraan ng pananaliksik na walang impluwensya sa mga variable.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay tumutukoy sa paglalahad sa mga nakalap na datos. Ito ay binigyan ng kaukulang presentasyon. Analisis at Interpretasyong pagpapakahulugan sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mabigyang ng kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan

.

**Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Kagamitan sa paglalaro**

Sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng larong kawilihan bilang kagamitan sa pagkatuto at pag-unawa sa baybayin na naglalaman ng Mekaniks, Kaangkupan at Kawilihan.

Ipinaliwanag ang bawat datos sa pamamagitan ng mga pahayag, mean, SD at pahayag upang lubos na maunawaan ang kinalabasan ng pag-aaral. Ang talahanayan 1 ay antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kagamitan sa paglalaro ay *ang mga kulay at disenyo ay umaakma sa materyales na ginamit* na antas ng paggamit at pag-unawa ng mga tagatugon at nakakuha ng (M=4.92, SD=0.30), *magaan at madaling laruin ng mga mag-aaral* at nakakuha ng (M=4.89, SD=0.42). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng Paggamit ng B-kard, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nagbibigay ng tiyak at tamang paraan kung paano manalo o matalo sa laro at mayroong (M = 4.83, SD = 0.41).

May kabuoang mean na 4.87, standard deviation na 0.23 at ipinapakita na ang antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Kagamitan sa paglalaro ay may puna na lubos na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Makikita sa talahanayan 1 ay nagsasaad ng antas ng paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kagamitan sa paglalaro

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Kagamitan sa paglalaro**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Magaan at madaling laruin ng mga mag-aaral.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagpapakita ng koneksyon at kaugnayan sa BKARD.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagbibigay ng tiyak at tamang paraan kung paano manalo o matalo sa laro..* | 4.83 | 0.41 | Lubos na nakatutulong |
| *Naipakikita ang pagiging patas sa laro at pantay ang pagbibigay ng alintuntunin sa paglalaro.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na nakatutulong |
| *Ang mga kulay at disenyo ay umaakma sa materyales na ginamit.* | 4.92 | 0.30 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.87***
***Standard Deviation: 0.23***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ginagawa ang kagamitan sa laro upang matulungan ang mga manlalaro kapag naglalaro. Ang mga manlalaro ng laro ay magiging mas komportable sa paglalaro ng mga laro kung gumagamit sila ng kagamitan sa laro. Karaniwang ginagamit ang kagamitan sa paglalaro sa mga larong may temang nakakapanabik o nagbibigay ng interes ng mga mag-aaral. Ang kagamitam sa paglalaro ay mahalaga upang mas mapaunlad pa ang kakayahan ng mga mag-aaral, sa pagtuturo ang disenyo at anyo ng kagamitan ay nakakapukaw sa atensyon ng mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 2 ay nagpapakita ng Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks.

**Talahanayan 2. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naiintindihan batay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na nakatutulong |
| *Ang mga mekaniks ay konektado lahat sa mga panuntunan ng laro.* | 4.87 | 0.35 | Lubos na nakatutulong |
| *Malinaw na alintuntunin sa pagbuo ng laro.* | 4.81 | 0.41 | Lubos na nakatutulong |
| *Naiiwasang bigyan ng kalituhan ang mga mag-aaral tungkol sa mga tuntunin at mekaniks ng laro.* | 4.79 | 0.42 | Lubos na nakatutulong |
| *Naibibigay sa mga mag-aaral ng maayos at tiyak na mga layunin sa laro at ang aralin na mayroon sila.* | 4.89 | 0.34 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.85***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang isang daan at limampu na mga mag-aaral ng Laguna Univeristy at ang datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mga mekaniks na may angkop na mataas na antas ng paggamit, kasabay ng pananaw ng mga tagatugon. *Naiintindihan batay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral*, na may nakamit na markang (M=4.89, SD=0.32), *Naibibigay sa mga mag-aaral ng maayos at tiyak na mga layunin sa laro at ang aralin na mayroon sila* habang ay umabot sa (M=4.89, SD=0.34) Bagaman napansin ng lubos na nakakatulong ang antas ng paggamit na may pinakamababang antas ang *Naiiwasang bigyan ng kalituhan ang mga mag-aaral tungkol sa mga tuntunin at mekaniks ng laro* ang resulta ay (M=4.79, SD=0.42).

Sa kabuuan, may mean na 4.85 at standard deviation na 0.24, na nagpapakita na ang antas ng paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mga mekaniks ay lubos na nakatutulong at lubhang mataas, ayon sa kaangkupan. Ang resulta ay nagpapatunay sa kahalagahan ng ugnayan sa aralin sa proseso ng pagkatuto.

Makikita sa talahayan 3 na nagsasaad ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pag-uugali sa Pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pag-uugali sa pagkatuto.**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang sariling istilo at kasanayan sa pagkatuto na nakakatulong sa pagbuo ng mga motibasyon at interes sa pag-aaral.* | 4.92 | 0.27 | Lubos na nakatutulong |
| *Gumagamit ng maraming representasyon ng mga ideya at konsepto upang matuto nang higit pa tungkol sa aralin.* | 4.81 | 0.44 | Lubos na nakatutulong |
| *Isinasaalang-alang ng BKARD game ang mga opinyon at ideya ng mga mag-aaral sa proseso ng pag-aaral.* | 4.85 | 0.37 | Lubos na nakatutulong |
| *Nakakatulong ito sa pagpapalakas ng kanilang pakikiisa sa pagkatuto ng Baybayin.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na nakatutulong |
| *Nahihikayat na mag-aral na mag-isa at napapahusay pa ang pag-uugali sa pag-aaral sa pagkatuto sa Baybayin.* | 4.89 | 0.31 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.87***
***Standard Deviation: 0.23***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 3 ay antas ng paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pag-uugali sa pagkatuto literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng paggamit at sa pananaw ng mga tagatugon, *Nakikilala ang sariling istilo at kasanayan sa pagkatuto na nakakatulong sa pagbuo ng mga motibasyon at interes sa pag-aaral* ay nakakakuha ng (M=4.92, SD=0.27) at nagpapakita ng *Nahihikayat na mag-aral na mag-isa at napapahusay pa ang pag-uugali sa pag-aaral sa pagkatuto sa Baybayin* ay mayroong (M=4.89,SD=0.31).

Bagaman napansin na *lubhang mataas* na antas ng paggamit, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *nagpapakita ng pagiging simple ngunit makabuluhan ay mayroong* (M=4.81, SD=0.44).

May kabuuang mean na 4.87, standard deviation na 0.23 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pag-uugali sa pagkatuto ay lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang kalinawan ay mahalaga sa isang laro upang maunawaan ang tunguhin ng isang laro sa isang aralin.

Ang mga mag-aaral na regular na nakikilahok sa klase ay patuloy na kasangkot sa pagbuo ng material at mas higit na matatandaan ang mas malaking bahagi ng impormasyon. Ang aktibong pakikilahok sa klase ay nagpapabuti din ng kritikal at mas mataas na antas ng mga kasanayan sa pag-iisip.

Makikita sa talahanayan 4 ay nagpapakita ng . antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pamamahala sa Pagkatuto

**Talahanayan 4. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pamamahala sa pagkatuto**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nasusubaybayan ng BKARD game ang pagsusumikap at progreso ng bawat mag-aaral.* | 4.81 | 0.41 | Lubos na nakatutulong |
| *Nakakapagbigay ng BKARD game ang feedback sa mga guro tungkol sa performance ng buong klase* | 4.81 | 0.40 | Lubos na nakatutulong |
| *Nalilinang sa kahusayan sa pag-unawa.* | 4.82 | 0.45 | Lubos na nakatutulong |
| *Naipapakita ang pagsusulat sa Baybayin.* | 4.81 | 0.44 | Lubos na nakatutulong |
| *Malinaw ang mga panuto o instruksiyon nito.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.82***
***Standard Deviation: 0.28***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang isang daan at limampu na mga mag-aaral ng Laguna Univeristy at ang datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Ang talahayan 4 ay nagsasaad ng antas ng ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pamamahala sa pagkatuto batay sa paglalaro ng mga mag-aaral ayon sa Disenyo ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas*, *Malinaw ang mga panuto o instruksiyon nito* ay nakakuha ng (M=4.84, SD=0.37) at *Nasusubaybayan ng BKARD game ang pagsusumikap at progreso ng bawat mag-aaral* ay mayroong (M=4.81, SD=0.41).

May kabuuang mean na 4.82, standard deviation na 0.28 at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ipinapakita na ang antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pamamahala sa pagkatuto ay may puna na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Nararapat din maisaalang-alang ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagbasa sa baybayin.

Kaugnay ng mga resulta sa itaas, kinakailangang malaman kung may natutuhan ang isang mag-aaral sa isang uri ng babasahin. Kaakibat nito ang parte sa polyeto na paglalapat kung saan makikita ang mga katanungan at pagpapalawak pa sa isang aralin. Nakatutulong ito upang maging mabisa ang pagkatuto ng isang mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 5 ay nagsasaad ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pakikilahok

**Talahanayan 5. Antas ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa Pakikilahok**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagkakaroon ng interes ang mga mag-aaral sa BKARD.* | 4.87 | 0.35 | Lubos na nakatutulong |
| *Natututong makisalamuha sa ibang tao at pakikipagtulungan sa kagrupo.* | 4.82 | 0.40 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagagawa ang brainstorming at pagbabahagi ng mga ideya sa ibang tao sa paligid.* | 4.84 | 0.39 | Lubos na nakatutulong |
| *Naigagalang ang iba pang opinion tungo sa tiyak na ideya.* | 4.83 | 0.40 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagpapakita ng aktibong pakikilahok, pakikinig at lumilikha ng maayos na relasyon sa kagrupo.* | 4.89 | 0.31 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.85***
***Standard Deviation: 0.26***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang isang daan at limampu na mga mag-aaral ng Laguna Univeristy at ang datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pakikilahok. Nagpapakita din ng pagiging aktibo ang mga mag-aaral sa pakikinig at lumilikha ng maayos na relasyon sa kagrupo *lubhang mataas* na antas sa paggamit ng ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pakikilahok nakakuha ng (M=4.89, SD=0.31) at nagkakaroon ng interes ang mga mag-aaral sa b-kard mayroong (M=4.87, SD=0.35)

Bagaman napansin na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *pakikipagtulungan sa kagrupo* ay naaayon sa mga layunin at kakayahan sa pagkatuto na mayroong (M=4.82,SD=04.40)

May kabuuang mean na 4.85, standard deviation na 0.26 at ipinapakita na ang ng antas ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pakikilahok ay may puna na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Antas ng Pag-unawa sa Baybayin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay, Pagbuo ng Salita, Pagsulat ng Baybayin, Pagbasa.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan
ang mga Pahayag, Mean at Standard Deviation upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Sa unang pahayag na *"Nakakatulong magpalawak ng bokabularyo sa mga mag-aaral sa Baybayin"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.79 at standard deviation na 0.48 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na napalalawak sa pag-unawa sa baybayin.

Sa ikalawang pahayag *na "Nakaayon sa mga kakayahan sa pagkatuto ng aralin"* ay nakakuha ng mean isko na 4.79 at standard deviation na 0.51 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang- ayon ang mga tagatugon ibig sabihin kasiya-siya ang binibigay ng b-kard sa pag-aaral ng baybayin ng mga mag-aaral.

Sa ikatlong pahayag na *"Napagtutuunan ng pansin ang koneksyon ng mga layunin sa aralin at layunin ng pagkatuto."* Ay nakakuha ng mean iskor 4.87 at standard deviation na 0.34 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nagpapakita ng ng pagiging simple at natural ang mga salitang ginamit."* Ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at standard deviation na 0.46 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Kaya't nangangahulugan lamang itong namumulat sa pagbabasa at pagsusulat ng baybayin.

At sa ikalimang pahayag na *"Nagbibigay suporta ang BKARD game sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng Baybayin."* Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.82 at standard deviation na 0.43 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ayon. Ibig sabihin nito ay mas napapaunlad ang pagsusulat ng baybayin o ang pag-aaral nito.

Makikita sa talahanayan 6 ay nagpapahayag ng antas ng pag-unawa sa baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbuo ng mga Salita.

**Talahanayan 6. Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbuo ng mga salita**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakakatulong magpalawak ng bokabularyo sa mga mag-aaral sa Baybayin* | 4.79 | 0.48 | Lubos na nakatutulong |
| *Nakaayon sa mga kakayahan sa pagkatuto ng aralin.* | 4.79 | 0.51 | Lubos na nakatutulong |
| *Napagtutuunan ng pansin ang koneksyon ng mga layunin sa aralin at layunin ng pagkatuto.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagpapakita ng ng pagiging simple at natural ang mga salitang ginamit.* | 4.80 | 0.46 | Lubos na nakatutulong |
| *Nagbibigay suporta ang BKARD game sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng Baybayin.* | 4.82 | 0.43 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.81***
***Standard Deviation: 0.30***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ipinaliwanag ang bawat datos sa pamamagitan ng mga pahayag, mean, Standard Deviation at pahayag upang lubos na maunawaan ang kinalabasan ng pag-aaral.

Ang talahanayan 6 ay nagsasaad ng antas ng pag-unawa sa baybayin ng mga mag-aaral batay sa pagbuo ng mga salita na may literal na paliwanag na *lubhang mataas* sa antas ng pag-unawa, *Napagtutuunan ng pansin ang koneksyon ng mga layunin sa aralin at layunin ng pagkatuto* ay may (M=4.87,SD=04.34) At ang pangalawa na nakakuha ng may pinakamataas na lubos na nakatutulog na may pahayag na *Nagbibigay suporta ang BKARD game sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng Baybayin ay may* (M=4.82,SD=04.43) at ang pahayag na may pinakamababang marka ay nagpapakita ng pagiging simple at natural ang mga salitang ginamit ay mayroong *(M=4.80, SD=0.46).*

May kabuuang mean na 4.81, standard deviation na 0.30 at ipinapakita na ang antas ng pag-unawa sa baybayin ng mga mag-aaral batay sa pagbuo ng mga salita ay may puna na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Lumabas sa pag-aaral na maaaring nakahubog sa pag-unawa sa baybayin ang paggamit ng b-kard sa pagtuturo.

Batay sa kinalabansang resulta sa itaas masasabi ng mananaliksik na ang ginamit ay lubos na nakatulong sa pagbuo ng mga salita.

Makikita sa talahanayan 7 ay antas ng pag-unawa sa baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng Baybayin

**Talahanayan 7. Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng Baybayin**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagbibigay ng gabay upang maayos na masulat ang Baybayin.* | 4.79 | 0.47 | Lubos na nakatutulong |
| *. Nakakatulong sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga salita gamit ang Baybayin.* | 4.73 | 0.58 | Lubos na nakatutulong |
| *Humanap ng oras para mag-explore at nag-aaral nang higit pa para mapabuti ang mga kalakasan at kahinaan sa pagsulat ng Baybayin.* | 4.84 | 0.42 | Lubos na nakatutulong |
| *Naiugnay ng BKARD game ang pagsulat ng Baybayin sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto tulad ng kasanayan sa wika, kasaysayan, at kultura* | 4.79 | 0.51 | Lubos na nakatutulong |
| *Nakakatulong ang BKARD game ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng Baybayin sa pang-araw-araw na sitwasyon.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na nakatutulong |

***Overall Mean: 4.80***
***Standard Deviation: 0.36***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang isang daan at limampu na mga mag-aaral ng Laguna Univeristy at ang datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Ang talahanayan 7 ay nagsasaad ng antas ng pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng baybayin sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagpapaunlad sa pagsulat ng baybayin na may literal *lubhang mataas* na antas ng pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng baybayin na nakakatulong sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga salita gamit ang baybayin ay nakakuha na *(M=4.73, SD=0.58)* at natutong makipag-ugnayan at nakakatulong din ang b-kard game para maipakita ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng baybayin sa pang araw-araw na sitwasyon mayroong *(M=4.84, SD 0.37).*

Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng baybayin, ang pahayag na may pinakamababang marka ay nagbibigay ng gabay upang maayos na masulat ay mayroong *(M=4.73,SD 0.58).*

Sa kabuuang mean na 4.80, standard deviation na 0.36 at ipinapakita na ang antas ng pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagsulat ng baybayin ay may puna na lubos na nakatutulong at literal na paliwanag na lubhang mataas. Nagkakaroon ng pakikilahok sa klase at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 8 ay naglalahad ng antas ng pag-unawa sa baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbasa

**Talahanayan 8. Antas ng Pag-unawa sa Baybayin ng mga mag-aaral batay sa Pagbasa**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napapaunlad ang kaalaman at kamalayan sa pagbasa sa baybayin.* | 4.85 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapayabong ang kaalaman hinggil sa BKARD.* | 4.79 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *. Naibabahagi ang mga kaalamang napulot sa pagbabasa sa mga salitang baybayin.* | 4.74 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugma ng BKARD game ang pagsasanay sa pagbasa ng Baybayin sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto tulad ng kasanayan sa wika, kasaysayan, at kultura* | 4.77 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagtataguyod ng mataas na antas ng pagganap ng mag-aaral.* | 4.84 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.80***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

**Talahanayan 8. Resulta ng pagkatuto ng B-Kard mga mag-aaral batay sa pauna at panapos ng Pagsusulit.**

| Marka | Frequency | Percentage | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 17 - 20 | 23 | 15.33 | Pinakamahusay |
| 14 - 16 | 127 | 84.67 | Higit na Mahusay |
| 11 - 13 | 0 | 0.00 | Mahusay |
| 8 - 10 | 0 | 0.00 | Katamtamang Husay |
| 5 - 7 | 0 | 0.00 | Di-gaanong mahusay |
| 0 - 4 | 0 | 0.00 | Hindi Mahusay |
| **Total** | **150** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***15.77*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***15*** | | Lubhang Kasiya-siya |
| **Pinakamataas na marka** | ***20*** | | |
| **Standard Deviation** | ***1.81*** | | |

Talahanayan bilang walo ay nagpapakita ng resulta ng pagkatuto ng B-Kard mga mag-aaral batay sa pauna at panapos na pagsusulit, sa kabuoang isang daan at limampu na tagatugon, ang marka na *"14 - 16*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at dalawamput-pito (127) o 84.67% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Malapit at halos pumantay sa Pinakamahusay*. Habang ang marka na *"17 - 20"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawamput-tatlo (23) o 15.33% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahusay*.

May kabuoang *(Weighted Mean = 15.77, SD = 1.81)* at *(pinakamababang marka = 15, pinakamataas na marka = 20)* ipinapakita na ang resulta ng pagkatuto ng B-Kard mga mag-aaral batay sa pauna at panapos na pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na *Malapit at halos pumantay sa Mahusay* at may literal na paliwanag na *Lubhang Kasiya-siya*.

Ayon kay Bernales et, al (2013) ang pagbasa ay pagbibigay ng kahulugan o pangunawa sa mga simbulong nakalimbag. Dahil ito ang daluyan upang matuto o matamo ang iba't ibang kaalaman. Tulad sa baybayin, ang mga simbolo ng bawat titik na pinagsamasama ay nakakabuo ng bawat kahulugan ayon sa paraan ng pagkakasulat na siyang nagbibigay na karunungan at kaalaman sa mambabasa.

Ipinapaliwanag ang bawat datos sa pamamagitan ng mga marka, frequency, percentage at mapaglarawang katumbas upang lubos na maunawaan ang kinalabasan ng pag-aaral.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa mapanuring pag-iisip at pag-aanalisa.

Sa pagkuha ng resulta, makikita ang mga sumusunod na talahanayang . ito ay may Marka, Frequency, Percentage at Pangkalahatang mapaglarawang katumbas. Makikita rin ang Weighted Mean, Pinakamababa't Pinakamataas na Marka at Standard Deviation upang higit na malaman ang kinalabasan ng pananaliksik.

Makikita sa talahanayan 9 ay naglalahad ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pangkalahatang pagsusulit.

**Makabuluhang epekto ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral.**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng makabuluhang epekto ng paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang Kagamitan sa paglalaro, Mekaniks, Pag-uugali sa pagkatuto, Pamamahala sa Pagkatuto, at Pakikilahok. Tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta, Coefficient, T-Value, at P-Value.

Makikita sa talahanayan siyam ang makabuluhang epekto ng paggamit ng b-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 9. Makabuluhang epekto ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral**

| Pagganap | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 15.62 | 3.541 | | 4.413* | 0.000 |
| *Kagamitan sa paglalaro* | | 1.031 | 1.589 | 1.541 | 0.126 |
| *Mekaniks* | | 0.939 | -1.365 | -1.454 | 0.148 |
| *Pag-uugali sa pagkatuto* | | 1.118 | -0.586 | -0.524 | 0.601 |
| *Pamamahala sa pagkatuto* | | 0.178 | -0.096 | -0.539 | 0.591 |
| *Pakikilahok* | | 0.837 | 0.483 | 0.578 | 0.564 |
| *R-squared* | | | .029 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.005 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.812 | | | |
| *F(5, 144)* | | | | .852 | .515 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto sa Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 2.9% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.029). Ang *Kagamitan sa paglalaro*, *Mekaniks*, *Pag-uugali sa pagkatuto*, *Pamamahala sa pagkatuto* at *Pakikilahok* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 144) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na hindi makabuluhan ang Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng Paggamit ng B-kard sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Makikita sa Talahanayan 10 ang Resulta ng Pagganap ng mga Magaaral batay sa Pag-aanalis.

**Talahanayan 10. Makabuluhang epekto ng Pag-unawa sa Baybayin sa ng mga mag-aaral**

| Pagganap | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 15.57 | 2.477 | | 6.287* | 0.000 |
| *Pagbuo ng Salita* | | 0.699 | 0.004 | 0.005 | 0.996 |
| *Pagsulat ng baybayin* | | 0.658 | -0.417 | -0.634 | 0.527 |
| *Pagbasa* | | 0.723 | 0.453 | 0.626 | 0.532 |
| *R-squared* | | | .003 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.017 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.823 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .169 | .917 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto sa Pag-unawa sa Baybayin sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 0.3% ng *variance* sa pagganap ng mga

mag-aaral (R-squared = 0.003). Ang *Pagbuo ng Salita*, *Pagsulat ng baybayin* at *Pagbasa* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 144) $p > 0.05$), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na hindi makabuluhan ang Pag-unawa sa Baybayin sa pagganap ng mga mag-aaral at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng Pag-unawa sa Baybayin sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito ang kongklusyon ang nabuo:
Ang haypotesis na ang kabanata 1 na "Walang makabuluhang epekto ang Interaktibong Laro sa Kawilihan bilang sa Pagkatuto at Pag-unawa sa Baybayin sa Pagganap ng mga mag-aaral." Ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na may "makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Ayon sa resulta na ang Interaktibong Laro ay nakatutulong sa Pagpapaunlad at Pagkatuto ng Filipino.

Gayundin ang haypotesis na "Walang Makabuluhang Kaugnayan ang Antas ng Pangkalahatang Pagsusulit sa Pagganap ng mga Mag-aaral" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan ang antas ng pangkalahatang pagsusulit sa pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa resulta nakatutulong ang pangkalahatang pagsusulit sa pagkatuto at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral.
Hango sa kinalabasan at kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon.

1. Pagpapalawak ng Lugar at Gamit ng B-Kard: Mahalaga na pag-aralan kung paano pa maaring gamitin ang B-Kard hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa iba't ibang larangan ng pag-aaral at pang-araw-araw na buhay.
2. Ang ginawang kagamitan sa pagtuturo ay maaaring maging gabay at gawing interaktibo sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral.
3. Magbuo ng mga module at pagsasanay sa tamang paggamit ng B-Kard sa pagsulat at pagbabasa. Ang regular na pagsasanay ay magpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral at maaaring mag-udyok ng mas malawak na pagtanggap sa tradisyonal na alpabetong Filipino.

## TALASANGGUNIAN

1. *Almiron, M (2019) Kawalang-interes sa paaralan: ano ito at bakit ito nangyayari? Hinango sa https://madreshoy.com/tl/Ano-ang-kawalang-interes-sa-paaralan-at-bakit-ito-nangyayari*
2. *Hartt, M., Hosseini, H., & Mostafapour, M. (2020). Game on: Exploring the effectiveness of game-based learning. Planning Practice & Research, 35(5), 589-604.*
3. *Panganiban, M. (2019), Mga Suliranin Ng Mga Guro Sa Pagtuturo Ng Filipino Mga Posibleng Solusyon Sa Bawat Suliranin https://www.academia.edu/40365087/*
4. *Harappa Education, (2017) Descriptive Research: Methods And Examples. https://harappa.education/harappa-diaries/descriptive-research/*